MotoLyrics

MotoLyrics.com

Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Apo Hiking Society
# "Saan Na Nga Ba'ng Barkada"

Visit "Saan Na Nga Ba'ng Barkada" on MotoLyrics.com

Nagsimula ang lahat sa iskuwela. nagsama-samangÂ’ labingdalawaÂ’.
Sa kalokohan at sa tuksuhan, hindi maawat sa isat-isa.
Madalas ang istambay sa capetirya. Isang barkada na kayÂ’ saya.
Laging may hawak-hawak na gitara, konting udyok lamang kakanta na.
Kay simple lamang ng buhay Â‘noon, walang mabibigat na suliranin.
Problema lamang laging kulang ang datung.
Saan na napunta ang panahon.

[Chorus]
Saan na nga ba, saan na nga ba?
Saan na napunta ang panahon.
Saan na nga ba, saan na nga ba?
Saan na napunta ang panahon.

Sa unang ligaw kayoÂ’y magkasama, magkasabwat sa pambobola.
Walang sikreto kayong tinatago, O kaysarap ng samahang barkada.
Nagkawatakan na sa kolehiyo, kanya-kanya na ang lakaran.
Kahit minsanan na lang kung magkita, pagkaka-ibigaÂ’y hindi nawala.

At kung saan na napadpad ang ilan,
Sa dating iskwelaÂ’y meronÂ’ ding naiwan.
MeronÂ’ pa ngang mga ilang nawala na lang,
Nakaka miss ang dating samahan.

Saan na nga ba, saan na nga ba?
Saan saan na nga bangÂ’ barkada ngayon.
Ilang taon din ang nakalipas, bawat isa sa amiÂ’y tatay na.
Nagsusumikap upang yumaman, at guminhawang kinabukasan.
Paminsan-minsan kamiÂ’y nagkikita, mga naiwan at natira.
At gaya nung araw namin sa iskwela, pag magkasama ay nagwawala.

Napakahirap malimutan, ang saya ng aming samahan.
Kahit lumipas na ang iilang taon, magkabarkada parin ngayon.

Magkaibigan, magkaibigan magkaibigan parin ngayon.
Magkaibigan, magkaibigan magkabarkada parin ngayon.

Visit Apo Hiking Society page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.

---

MotoLyrics.com | Lyrics, music videos, artist biographies, releases and more.